# 1

Siksikan ang nakaparadang mga sasakyan sa maluwang na grounds ng campus. Araw ngayon ng graduation para sa lahat ng kolehiyo ng unibersidad.

Isang oras pa bago magsimula ang programa pero batid ni Apple na mas nauna pa sa kanya ang kanyang barkada. 'Huling chikahan' ang tawag nilang magkakaibigan sa araw na ito, kahit pa sa makabagong panahon ngayon, magpapatuloy ang kanilang ugnayan dahil nandiyan ang cellphone, telepono at e-mail.

Inililipad ng hangin ang mahaba at nangingintab na buhok ni Apple. Hinahaplos nito ang kanyang makinis na balat. Nangingislap ang kanyang maiitim at korteng kastanyas na mga mata habang tine-text ang kanyang mga kaibigan para itanong kung saang bahagi ng grounds sila naroon. Hindi siya tumitigil sa kate-text habang lumalakad hanggang sa mabangga niya ang isang lalaking nakikipag-usap rin sa cellphone. Wala naman sanang kaso iyon kung hindi lang sa mismong loob ng pang-itaas ni Apple nahulog ang cellphone ng lalaki.

"I'm sorry," sabi ng lalaking pinipigil ang tawa

dahil sumabit ang cellphone sa overlap ng blusa niya sa tapat ng dibdib. Itinuro nito ang cellphone. “Pakikuha na lang ang cellphone ko.”

Nag-init ang mukha ni Apple. “Titingin ka kasi sa dinadaanan mo!” singhal niya rito.

“Ikaw ang dapat pagsabihan n’un,” parang nakakalokong sagot nito habang naglalakbay ang mata sa kanyang mukha.

Nag-ring ang nakasabit na cellphone at bago nakaiwas si Apple ay nadampot na iyon ng lalaki. Nanindig ang balahibo ng dalaga dahil naramdaman niya ang magaspang na palad ng lalaki na dumaplis sa kanyang dibdib.

“Sorry, hindi sadya,” anito na hindi tumatawa. Pagkatapos, parang walang anumang sinagot nito ang cellphone.

Nagpupuyos na nakatingin si Apple sa lalaki pero wala namang lumabas sa kanyang salita. Nag-alinlangan siyang magmura dahil baka naman guni-guni lang niyang dumaplis ang kamay nito sa kanyang dibdib. Pero humingi ito ng paumanhin. Maliwanag na alam nitong nakapanghipo ito.

“Thanks, ha,” paalam nito bago pa man may masabi si Apple.

"Bastos!" pahabol niya.

Dinedma siya nito at lumakad palayo habang nakikipag-usap sa cellphone.

Inis na inis siya. Pamilyar ang mukha ng lalaking iyon. Kamukha ng isang dating kilala na lagi rin siyang inaalaska. Hindi siya maaaring magkamali—dahil tandang-tanda niya ang mukhang iyon: ang manipis na labi na parang iginuhit, ang malalalim at maiitim na mata, ang makakapal na kilay, ang matikas na tindig, ang magaspang na palad. At higit sa lahat, ang maraming kantong mukha. Kanto sa itaas ng pisngi, kanto sa panga.

Lumakad siyang parang wala sa sarili. Nag-ring ang kanyang cellphone. Sinagot niya at narinig niya ang taginting ng tawa ni Blessie. Natanaw pala ng barkada ang parang tuod niyang paglalakad.

Lumapit siya sa mga kaibigan na noon ay nagkakatuwaan habang inaayos ang kani-kanilang graduation gown. Lumitaw ang pantay-pantay at mapuputing ngipin niya nang makalapit sa barkada. Tuluyan na niyang nalimutan ang galit nang ikuwento niya sa mga kaibigan ang nangyari. Lumutang ang katawa-tawa sa pangyayari kaya hagalpakan sila ng tawa. Humupa lang ang kanilang tawanan nang natanaw nila ang parating na si Francis.

Nasa kotse pa lang ito kanina ay na-text na siya nito. Ito ang itinuturing niyang best friend na lalaki dahil mayroon din siyang best friend na babae, si Blessie. Ang lalaki ang magbibigay ng valedictory address sa kadahilanang ito ang may pinakamataas na karangalang natamo sa mga magsisipagtapos.

"Narito na'ng papa mo," kalabit ni Blessie sa kanya.

"Yayayain ka na yatang pakasal," anang isa pang kaibigan.

Narito na naman ang kanyang barkada: tukso nang tukso sa tuwing makikita si Francis. Ipinapalagay ng mga ito na M.U. na sila ng lalaki. May intindihan nga ba sila?

"Hoy, hindi ko boyfriend si Francis ha," mariin niyang tanggi.

"Pero ang alam niya, girlfriend ka niya," giit ni Blessie. Nagtawanan ang barkada.

Palagay ang loob nila sa isa't isa—pero sa parte ni Apple, hindi niya iyon binibigyan ng kahulugan. Matay man niyang isipin, ang damdamin niya kay Francis ay para lamang niya itong kapatid.

Hindi ba't kung mahal niya ito, dapat may ibang

pakiramdam–tulad noong sa mga nababasa niya? Iyong parang biglang nagsirko ang mundo, naiba ang kinalalagyan ng buwan at mga bituin... kung kaya para kang lumulutang. Aalagwa dapat ang kanyang espiritu.

Wala siyang ganoong pakiramdam. Noon, inisip niyang ang dahilan ay lagi silang may ibang kasama tuwing magkikita, hindi sila makapag-isa. Pero ilang beses na niyang nasubukang silang dalawa lamang ni Francis sa isang kulong na lugar: sa elevator, sa kanilang bahay, sa isang matulaing lugar—wala pa ring magic.

Marami na ngang pagkakataon, mga pagkakataong sinasabing makakapagpasilakbo ng damdamin upang ang magsing-irog ay mag-ulayaw. Tulad noong minsang inabutan sila ni Francis ng malakas na ulan. O noong minsan, natapilok siya at sinalo siya nito. At madalas, magkatabi sila sa siksikang upuan, magkadikit ang katawan... pero wala lang!

Sumagi sa kanyang alaala ang daplis ng kamay sa tapat ng kanyang dibdib ng lalaking nakabangga niya kanina. Ano't nanindig ang kanyang balahibo, tuminghas ang kanyang kamalayan, rumagasang dumaloy ang kanyang dugo? Ayaw niya iyong

pangalanan kahit alam niyang may iisang salitang tugma sa kanyang naramdaman, at iyon ay pagnanasa.

Ipinilig ni Apple ang kanyang ulo. Kahit siya ay kabilang sa kabataan ng makabagong panahon na hindi ikinahihiya ang kanyang sensuwalidad, siya pa rin ang kabataang Filipina na hinog sa pangaral ng mga nakakatandang kasambahay kung kaya konserbatibo ang kanyang pananaw. Hindi porke ginagawa ng iba ay gagawin na rin niya kahit hindi tama. Inihiwalay niya ang tunay na damdaming Filipina sa napapanood at nakikita. Karamihan naman sa kanilang magkakamag-aral ay alam ang kaibahan ng pagnanasa sa pag-ibig. Pero ano pa kaya ang kaibahan ng dalawang iyon? Kumunot ang kanyang noo.

Basta ang alam ni Apple, kung umiibig siya kay Francis, dapat may iba siyang nararamdaman. Hindi tulad ngayon na masaya lang siyang makita ito dahil isa itong kaibigan, isang kapalagayang-loob, isang nakasanayan na niya. Hindi ba dapat: higit pa roon ang kanyang madama, sa sandaling magtama ang kanilang mga mata?

Saglit silang natahimik paglapit ng iniisip na lalaki.

Matangkad si Francis, may mga marka ng naghilom na tagiyawat sa noo; maitim dahil miyembro ito ng basketball team; matipuno ang katawan. Ang pinakagusto niya rito ay ang mga mata nito. Malalim, may makapal na pilikmata at kung tumingin ay parang laging may nilulutong kapilyuhan. Hindi aakalain ninuman na seryoso ito sa pag-aaral dahil napakakenkoy nito.

Philosophy ang kurso nito pero laging umiistambay sa College of Business Administration, ang kolehiyo nila, dahil sumali ito sa org nila kung saan idine-develop ang marketing skills. Isa nga lamang palaisipan kung bakit ganoon ang gusto nito dahil wala sa personalidad nito ang magbenta. Naging kaibigan na ito ang kanyang mga kabarkada. Hindi naman niya iyon binibigyan ng kahulugan dahil mula pa noong mga bata sila, magkaibigan na sila.

"Ikaw pala'ng magbibigay ng valedictory address," bati ni Blessie kay Francis.

"Siya lang yata ang summa," katuwiran ni Apple.

"Hindi naman," ani Francis na palihim na may inabot na papel sa kanya.

Ugali nito noon pa na ipabasa sa kanya ang mga

speech nito sa subject nitong Speech and Drama. Ngayon naman, ang valedictory address nito ang mismong ipinababasa sa kanya. Tila nakaligtas sa barkada ang pag-aabot ng kaibigan dahil hindi nila pinansin ang tahimik na pagbabasa niya.

Nabasa na niya ang unang draft niyon kung kaya pinadaanan na lang niya ito ngayon ng tingin. Pero nanatili siyang nakayuko, para isipin ni Francis na binabasa pa rin niya iyon.

"Kasama ba diyan sa speech mo ang autobiography mo? Baka antukin kami sa speech mo," narinig niyang sabi ni Blessie.

Nagtawanan ang barkada, pero hindi siya nakisali.

Itong si Blessie ang pinakakontrobersyal sa kanyang barkada. Maganda ito at campus figure pero napakapilya kaya hindi nakapagtataka na marami ang nagkakagusto rito. Subalit dinededma lang nito ang maraming aaligid-aligid na lalaki. Magaling itong mambara ng lalaking gustong pumorma. Kahit may pagkasuplada sa mga lalaki ay may pagka-friendly ito sa mga kaibigan at kakilala.

"Ba't kay Apple mo lang pinababasa? Baka love letter 'yan, ha," ani Blessie.

"Wala na tayo sa mundo nila. Silang dalawa lang ang tao dito," kantiyaw ng isang barkada.

Nilingon sila ni Francis. "Maririnig din naman n'yo."

Naka-thumbs-up na ibinalik niya ang speech sa kaibigan.

"Uy, may secret code kayo, 'no?" kantiyaw ng isang kaibigan.

"Mag-job hunting ka daw muna," sagot ni Blessie rito.

"S'an kayo magtatrabaho?" tanong ng isa pa. "Baka mag-post grad ako sa States."

"Sa multinational o bangko tayo pumasok, para malaki suweldo," sabi ni Blessie.

Hindi matiis ni Apple ang hindi mag-react. "Wala naman kayong matututuhan. Isang turnilyo sa malaking makina."

"As if, makakapili tayo," may ismid na sabi ng isa. "Mabuti kung mapasok tayo ng trabaho. Ang brother ko nga, after one year pa saka lang napasok."

"Kaya nga," giit ni Blessie, "mag-abroad na lang tayo."

“Huwag mong kalimutang s’abi ng ating chancellor, magsilbi tayo sa bayan,” paalala ni Francis.

“Ano’ng future natin dito?” nakapamaywang pang tanong ng isang barkada. “Mataas na bilihin. Mataas na kuryente, tubig at gasolina. Patayan. Abu Sayyaf. Kidnapan. Graft and corruption. Di ka aasenso dito.”

“Remember this, guys: the future is not here,” ani Blessie.

Nagpalitan lang ng tingin ang barkada, dinedma ang pronouncement ni Blessie. Pero napansin niya na hindi inaalis ni Francis ang tingin sa kanyang girl best friend. Parang gusto itong kontrahin.

“Guys, guys!” saway ni Apple. “Pilipino tayo, kaya narito’ng future natin.”

“Problema ba ‘yun? Di maiwan ka dito sa ’Pinas. Huwag mo lang kaming kaiinggitan kapag mayaman na kami habang ikaw ay nagtitiis,” sagot ni Blessie.

Tawanan. Nahuli ni Apple na nakatingin si Francis kay Blessie. Lumilitaw kasi ang mga biloy sa pisngi ng huli kapag tumatawa ito.

“Sige, guys. Ime-memorize ko pang speech ko,”

paalam ni Francis.

"Yakang-yaka mo 'yan," sabi ng isang barkada. "Basta tingin ka lang sa iyong inspirasyon."

Muli, nahuli niyang tumitig ang *summa cum laude* kay Blessie bago ito lumayo. Tinanaw niya ito. May umakbay rito at nanlaki ang mga mata niya—ang lalaking nakabangga niya kanina!

Naalala na niya kung sino ito: si Cookie! Ang Kuya Miguel ni Francis. At naalala rin siguro siya nito dahil tumingin ito sa kanyang direksyon saka matagal na tumitig sa kanya.

Nabigla pa siya nang hilahin ni Blessie ang kamay niya. "Sus, ang layo na ng boyfriend mo, tinatanaw mo pa!" anito.

# 2

Nag-umpisa na ang programa. Hindi mapigil ni Apple ang sarili na tanawin ang kinaroroonan ni Miguel. Nagtama ang kanilang mga mata at ngumiti ito sa kanya ng pagbati. Para siyang hinihigop ng mga titig nito. Bumilis ang pintig ng kanyang puso. Sa pagkaasiwa niya, hindi niya namalayang hinawi niya ang kanyang buhok at hinaplos ang kanyang leeg. Nagulantang pa siya nang kinalabit siya ni Blessie. Pinaaalahanan siya nito na malapit nang tawagin ang kanilang kolehiyo. Magkasunod ang kanilang apelyido kaya magkatabi sila sa upuan.

Nang siya na ang umakyat sa stage ay nararamdaman niyang may taong matamang minamasdan ang kanyang paglakad, ang pag-abot niya ng diploma, ang pagngiti niya nang kimi sa camera nang kunan siya ni Kuya Nemy.

Tinawag ng emcee si Francis upang magbigay ng valedictory address. Tumayo ito at nakita niyang ibinulsa nito ang inihandang talumpati at nagsalita ito nang extemporaneous.

“Kanina, napag-usapan namin ng barkada kung saan kami magtatrabaho. May papasok sa gobyerno

dahil may padrino, may papasok sa first one thousand corporations, may magpapatuloy ng pag-aaral sa Amerika. Kaming kabataan ay nakatutok ang tanaw sa kinabukasan. Narito ba sa ating bayan ang aming kinabukasan?"

Nabigla si Apple. Ibang-iba ang tema ng pinabasa sa kanyang speech sa sinasabi ng kaibigan ngayon! Siya ang kinakabahan na baka ma-out of focus ito. Muli siyang napatingin kay Miguel. Sa pagkakataong ito, nakatuon ang tingin nito sa kapatid. Para itong isang magulang na natatakot magkamali ang anak na nagsasalita sa stage.

"Naitatanong namin ito," patuloy ni Francis na tumingin kay Apple, "dahil sa nagaganap sa ating bansa: graft and corruption, Abu Sayyaf, patayan, holdapan, kidnapan, banta ng kudeta. The future is not in here, sabi nga ng isa kong kaibigan. Sumang-ayon ang lahat. Maliban sa isa na nagsabing narito sa ating bayan ang ating kinabukasan dahil tayo'y Pilipino."

Ibinitin nito ang sinasabi. Maririnig yata pati mahuhulog na karayom nang sandaling iyon. Taimtim na nakikinig ang balana kay Francis. May pagmamalaking tumingin siya rito at matamis niya itong nginitian.

Hindi sinasadyang napatingin siya muli sa kinaroroonan ni Miguel. Nakatingin din ito sa kanya. Ibinalik niya ang tingin sa nagsasalita sa stage.

"Tama siya," patuloy nito. "Pilipino tayo at nasa Pilipinas lang ang ating kinabukasan. Kaming mga bagong magsisipagtapos ay nararapat tumulong na maisaayos ang kasalukuyan upang kami at ang magiging anak namin ay hindi magtatanong kung nasaan ang kinabukasan."

Nanguna sa malakas na pagpalakpak ang pangulo na nakangiting nilingon ang mga katabi nitong mga pinuno ng unibersidad. Binulungan ng pangulo ang puno ng unibersidad at tumangu-tango ito. Nagpalakpakan habang matamang nag-iisip ang mga nagsipagtapos. Natanaw niyang pumapalakpak ang natutuwang si Miguel.

Noon pa man, mabait na si Francis kay Apple. Ito ang lagi niyang kasama at kalaro. Kaibigan naman ng kuya niya ang kapatid nitong si Miguel na tinatawag niyang 'Cookie' dahil iyon ang narinig niyang palayaw rito ng mga kasambahay nito. Ganoon din ang naging tawag dito ng ina at lola niya kahit pa binatilyo na ito noon at ang kanyang Kuya Nemy.

Madalas, pinanonood nila ni Francis ang pagpa-

practice ng basketball ng mga kuya nila sa kanilang bakuran sa likod-bahay. Nakatuon ang tingin ni Apple sa mga binti ni Miguel at hindi sa bola. Mahahaba ang biyas nito at mabalahibo. Namimintog ang kalamnan ng binti nito dahil malakas itong lumundag at maliksing kumilos. Tila nararamdaman ni Miguel na mayroong nagmamasid dito dahil napapatitig ito kay Apple habang iniinom ang tubig pagkaraan ng laro.

Basang-basa ang T-shirt nitong suot at puwede na iyong pigain. Nakadikit iyon sa matipuno nitong katawan. Natatandaan pati ni Apple ang amoy nito: pinagsanib na amoy ng pawis at araw na nagpapaalala sa kanya ng hamog sa madaling-araw.

Nang second year high school nila ni Francis, lumipat ng bahay sa ibang lugar ang pamilya nito. Labis siyang nalungkot noon gayong palagi pa rin silang nagkikita ng matalik na kaibigan sa eskuwela. Pero si Miguel ay nakitira sa tiyahin nito para mas madali ang pagbiyahe sa eskuwela, kaya mahabang panahon na hindi niya ito nakita. Hindi naglaon ay lumipat din ng bahay sina Apple sa isang bungalow sa Quezon City.

Hindi niya namalayan na tapos na ang seremonya ng graduation kung hindi pa lumapit

ang pamilya sa kanya. Niyakap siya ng kanyang ina at lola. Inakbayan siya ni Kuya Nemy.

Lumapit si Francis sa kanila, kabuntot ang mga magulang nito at si Miguel. Si Cookie nga ba ito? naramdaman niyang namumula siya.

Matanda nang apat na taon si Miguel sa kanila at balita niya ay mayroon na ito ngayong construction company. Kaya siguro kagalang-galang na ang dating nito.

Mas tumangkad ito kaysa noong huli niyang makita. At nakatitig ito sa kanya.

“Ito na ba si Apple?” gulat na gulat ang ina ng kanyang kaibigan. “Aba’y napakagandang bata! P’wedeng artista. Wala pa bang lumalapit sa iyong talent scout?”

“Ako na lang,” nakangiting sabad ni Miguel. “Ano ba ang magandang screen name mo: Fuji Apple o Washington Apple?”

Kumislap ang mga mata niya nang may biglang maalala. “Di yata bagay na ang manager ko ay may pangalang ‘Cookie Monster’,” ganting biro niya.

“Naku, ayaw na niyang tinatawag siyang ‘Cookie’ ngayon, ‘Miguel’ na,” tumatawang saway ng ginang

na hindi yata napuna ang tension sa pagitan nila ng anak nito.

"P'wede naman akong tawaging 'Cookie' ni Apple, tutal prutas naman siya."

Nagtawanan ang lahat.

Masayang nagkumustahan ang mga magulang nila. Lumayo naman sina Miguel at Nemy. Sinundan sila ng tingin ni Apple. May mga pagkakataon noon na kinaiinisan niya ang best friend ng kuya niya lalo na noong mahuli siya nitong umaakyat sa puno ng bayabas.

*"Baba, baba!" utos nitong nakapamaywang pa. Pagkababa niya ay nilait siya nito. "Kababae mong tao, nakaakyat ka nang nakaakyat sa puno. Hindi dapat 'Apple' ang pangalan mo, dapat 'Cheetah'."*

*"Eh, ikaw? Cookie Monster!" ganti niya.*

*Naniningkit ang mga mata nito sa galit sa kanya.*

*Agad pumagitna si Francis. "Kuya Miguel, ako ang nagyaya kay Apple."*

*"Hindi mo siya dapat pinaaakyat. Kung mahulog 'yan, sagutin pa natin."*

*Lalo siyang nagalit. Ibinalibag niya ang mga*

*napitas niyang bayabas.*

*Imbis na magalit parang gustong matawa ni Miguel. "Spoiled apple ka pala!" sabi nito.*

*Dinampot niya ang pinakamalaking bayabas at balak sanang batuhin si Miguel pero inawat siya ng kaibigan. "Baka ka kasi mahulog, Apple, kaya ka lang sinasaway ni Kuya."*

*"Ikuha mo na lang siya," parang matandang utos ni Miguel, saka tumalikod.*

*"Cookie Monster! Cookie Monster!" habol niya sa likod nito.*

*Nilingon siya nito nang nakangisi. "Hindi ako pumapatol sa babae," payapang sabi nito.*

*Mula noon, si Francis na lang ang umaakyat sa puno at tila siya prinsesa na nagtuturo na lang dito ng mga hinog na bunga.*

Naputol ang kanyang pagbabalik-tanaw nang marinig ang boses ng noon ay kinaiinisang lalaki. Malapit na malapit ito sa kanya.

"Sorry kanina," matapat na saad nito. "Hindi ko nahintay na iabot mo ang cellphone. May hinihintay kasi akong mahalagang tawag."

“Sorry din na nasabihan kita ng bastos.”

“Saan mo balak magtrabaho?” untag nito na parang hindi siya narinig.

“Hindi ko pa alam, bahala na.”

“Baka may opening sa inyo, Kuya?” sabad ni Francis na lumapit sa kanila.

Saglit na parang nag-isip si Miguel habang tinitigan siya. “Mayroon, pero baka hindi magustuhan ni Apple.”

“Maski ano,” giit ng nakababatang lalaki. “First job lang naman niya. Para lang makakuha siya ng experience.”

“Hahanap na lang ako sa Classified Ads,” malamig na aniya.

“Bakit ayaw mo kina Kuya?” baling ni Francis nang malayu-layo na sila sa kapatid nito.

“Ano ka! Di ba, galit nga sa ’kin ang kuya mo dahil tinawag ko siyang ‘Cookie Monster’?”

Tumawa si Francis. “Wala ‘yun. Sus, ang tagal na n’un at mga bata pa tayo. Nakalimutan na ni Kuya iyon. Ang bait-bait kaya n’un.”

Hindi siya kumibo.

"Malaki na kasi ang kompanya nila Kuya. Sosyo sila ni Dad, at hanggang overseas, may mga projects sila."

"Ba't hindi ikaw ang pumasok d'un?"

"Mag-aaral ulit ako." May tanong na tumingin si Apple sa kaibigan. "Maglo-Law ako," taimtim na sabi nito.

"Pamparami ng manloloko!" buska niya.

"Hindi yata," tanggi ni Francis. Nilakihan nito ang boses at pabirong sinabi, "Ipagtatanggol ko ang mga naaapi!"

"Ows?" Tumawa si Apple at sinundan ang pagkekenkoy ng kaibigan. Nilakihan din niya ang boses, "Baka naman, 'Pawawalang-sala ko ang may kasalanan!'"

Tawanan sila nang tawanan at hindi napansin ang paglapit ng kanilang mga kaibigan.

"May secret joke kayo ha?" tukso ni Blessie.

Ewan ni Apple, pero nahimigan niyang may bahid pagseselos sa boses ng babae. Agad ding nawala ang hinala niya nang hilahin siya nito para kunan sila ni Francis ng litrato.

Masaya silang nag-picture-an. Yakapan. Biruan. Mayamaya, saglit na nawalan sila ng kibo. Natatauhang magkakalayu-layo na sila. May namuong luha sa kanilang mga mata na pinagtatakpan ng kanilang tawanan.

“Kita-kits pa rin tayo ha?” ani Blessie.

“P’unta kayo sa bahay sa Linggo,” anyaya naman ng ina ni Francis sa kanila. “Hijo, mauuna na raw ang kuya mo, may meeting pa siya.”

Lumapit si Miguel at inakbayan ang kapatid. “’Tol, una na ’ko. ’Kita na lang tayo mamaya sa bahay.” Dumako ang tingin nito sa kanya. “Apple, see you.” Nginitian din nito ang mga kaibigan nila. “See you, folks.”

“Who’s that?” kalabit ni Millie sa kanya.

“Kuya ni Francis.”

“Now I know,” anang pilyang si Blessie. “Kaya pala like a brother lang ang turing mo kay Francis, ang gorgeous niyang kuya ang target mo!”

Namula si Apple. Bigla siyang nagpaalam sa barkada. Mabilis pa sa alas kuwatro siyang lumayo. Ayaw niyang tuksuhin siya ng mga ito kay Cookie Monster.

Si Miguel nga kaya ang dahilan kung bakit wala siyang nakikitang palatandaang mahal niya si Francis? Bigla siyang natakot. Iiwasan niyang magsalubong pa ang landas nila ni Miguel, pangako niya sa sarili. Pero mula nang araw ng graduation, hindi na naalis ang binata sa kanyang balintataw. Nasa katauhan nito ang mga hinahangaan niya sa isang lalaki: matikas, matalino, may magandang trabaho. Gayunman, taglay rin nito ang kinaiinisan niya sa isang lalaki: super yabang!

# 3

Ayaw sana ni Apple na magpunta sa bahay nina Francis dahil iniiwasan niyang magkita silang muli ni Miguel. Pero magtutungo roon ang kanyang mga kaibigan.

Naroon silang magbabarkada sa terrace at nagbibiruan. Kasalukuyang tinutukso sina Francis at Apple ng mga kaibigan nang dumating si Miguel. Pinaglipat nito ang tingin sa kanila ng nakababata nitong kapatid.

Agad namang ipinakilala ni Francis sa kuya nito ang mga kaibigan nila.

“Ba’t di mo ipakilala ang girlfriend mo?” tukso ni Blessie.

May tanong sa mga matang tumititig si Miguel sa kanya; tila nanghihingi ito ng kompirmasyon o pagtanggi. Alam niyang namumula na siya.

Tumawa si Francis. “Magkakilala na sila, eh.”

“Huli, huli!” hiyaw ni Blessie. “’Ta mo, inamin mo rin.”

Bago makasagot ang lalaki ay niyaya sila ng

ina nito sa hapag-kainan. Kasalo nilang kumain si Miguel at ang ina nito.

"Huwag mahihiya, ku'ha kayo," malugod na alok ng ginang. "Pasasalamat namin ito dahil nagtapos na *summa cum laude* si Francis."

"Isinabay na rin sa birthday ni Kuya Miguel," dinagdag pa ni Francis.

Halos sabay-sabay silang bumati rito. Sinagot lang sila nito ng ngiti.

"Sir," anang pilyang si Blessie, "ilang taon na ho kayo?"

Tumitig si Miguel sa babae. Nakatuon ang mga mata nito sa biloy ni Blessie sa pisngi. Napansin ni Apple na natahimik si Francis at parang nakikiramdam.

"Apat na taon lang naman ang tanda ko kay Francis at hino-ho mo na ako," anito saka sumulyap sa kanya. "Hindi ko alam na chickboy itong utol ko. Puro girls ang barkada at naggagandahan!"

"Si Apple lang ho ang chicks niya," tanggi ni Blessie.

"'Eto nga, pinakikilala na niya sa pamilya. Napansin n'yo, hindi niya kinumbida ang male

friends niya?" salo ng isang barkada.

"Baka nga naman ma-snatch pa sa kanya ang babes niya," dagdag ni Blessie.

Nagtawanan ang barkada. Namayani na sa hapag-kainan ang walang katapusang kuwento ng ina ni Francis tungkol sa mga anak habang silang magkakaibigan ay maganang kumakain at paminsan-minsan nagtatanong. Kung minsan ay nadudulas ang matanda at natatawag na 'Cookie' si Miguel. Halatang labis na ipinagmamalaki ng matanda ang mga anak.

Pagkatapos nilang kumain ay lumayo si Apple. Pumunta siya sa likod-bahay. Tulad ng bakuran nina Francis noong araw, marami pa ring punong-kahoy at halaman ang bakuran ng mga ito ngayon.

Lumapit siya sa puno ng bayabas. Tinanaw niya ang mga naglambiting bunga. Nakatingkayad niyang hinila ang mababang sanga at akmang pipitasin na ang bunga nang marinig niya ang mahinang tawa ni Miguel mula sa kanyang likuran. Dahil mataas ito ay walang anumang inabot nito ang isang tangkay ng bunga at inabot iyon sa kanya.

Nahihiyang nginitian niya ito bilang pasasalamat. Ipinunas lang niya sa laylayan ng kanyang T-shirt

ang bayabas at agad iyong kinagat.

“Matagal na akong hindi nakakakain ng malutong na bayabas,” nasisiyahang sabi niya.

“S’abi ni Francis, mapuno daw ang lugar n’yo.”

“Oo, pero walang tanim na bayabas. May tanim si Kuya sa Laguna pero iba talaga ang lasa ng bagong pitas.”

“Niyayaya nga ako ni Nemy sa kanyang orchard,” anito.

“Hindi naman niya iyon naaasikaso kasi nagtuturo siya.”

Saglit silang natahimik habang iginagala ni Apple ang tingin sa nakakapit na mga orchid sa mga puno at pader.

“Ang ganda ng pagkaka-landscape ng garden n’yo. Para kang dinadala sa paraiso.”

“Halika,” aya nito, “may ipapakita ako sa iyo.”

Inakyat nila ang hagdanan sa likod papuntang roof deck. Hindi makapaniwala si Apple sa nakita. Nalalatagan ang buong roof deck ng koleksyon ng bonsai at mga nakapasong halaman. Iba’t ibang kulay ang mga dahon at bulaklak ng mga iyon.

Nagniningning ang matang tumingin siya kay Miguel. “Ang ganda!”

“Ito ang aking secret garden,” may pagmamalaking sabi nito.

Inakay siya ng binata para maupo sa isa sa mga upuang yari sa balu-baluktot na ugat ng matandang punong-kahoy. Nakapikit na sinamyo ni Apple ang halimuyak ng mga bulaklak na sumanib sa hangin.

“Ang ganda rito. Paano mo ito nagawang ganito?”

“Nalimutan mo na yatang civil engineer ako.”

Ipinakilalang isa-isa sa kanya ni Miguel ang mga nakapasong halaman na karamihan pala ay herbs tulad ng basil, rosemary, oregano at ang iba ay ngayon lang niya narinig kung kaya hindi niya matandaan. Isa-isa ring inamoy ni Apple ang mga dahon niyon pero nang mapansin niyang malugod siyang minamasdan ni Miguel, nahihiya siyang tumawa nang mahina.

“Parang may panghalina,” paliwanag niya, “nakaka-relax ang amoy, lalo na itong basil.”

“Naalala ko noon, lagi mo ring inaamoy ang mga bulaklak at dahon.”

“Sinaway mo pa nga ako noong inaamoy ko ang rosal.”

“Paano baka masinghot mo ang uod. Lagi kita noong sinasaway, naalala mo?” untag nito.

*“Sinasaway mo rin ako pag umaakyat ako sa puno,”* gusto sana niyang ipaalala nang may bahid-hinanakit, pero hindi niya nakuhang sabihin iyon dahil tumawa si Miguel at nahawa siya rito. Pagkaraan ay napatingin sila sa mata ng isa’t isa. May nabago sa ekspresyon ng mukha ni Miguel na nakapagpalito kay Apple. Ibinaling niya sa iba ang tingin.

“May penthouse ka pa,” nasabi na lang niya.

“Iyan ang aking pahingahan,” ani Miguel. “Halika, ipapakita ko sa iyo.”

Sinusian ni Miguel ang penthouse at tumambad sa kanya ang isang kuwartong may kama, mesa, telebisyon, study table, refrigerator at mayroon ding sariling banyo.

“Ang sarap sigurong matulog dito,” sabi niya na parang batang itinalun-talon ang puwet sa kama.

Malugod siyang pinagmasdan ni Miguel. “Malamig dito kaya hindi kailangan ng aircon.” anito.

"Bihira naman akong umuwi dito dahil umiiwas ako sa traffic. May condo ako sa Makati pero kapag narito ako, dito ang hang-out ko."

"Ito ang kuwarto mo?" tanong ni Apple na biglang napatayo.

Natawa si Miguel. Pinahaginan nito ng hintuturo ang pisngi niya.

"Hindi. Pero gusto mo rin bang makita ang kuwarto ko?"

Naasiwa siya. "Baka hinahanap na ako ni Francis," ninenerbiyos na aniya.

Biglang nagbago ang ekspresyon ng mukha ni Miguel. Parang nayamot. "Baka nga." Kusa na itong nagpaunang lumabas sa penthouse.

Nadatnan nilang tahimik na nanonood sa harap ng malaking telebisyon ang barkada. Hindi niya namataan si Francis. Hindi naman siya napansin ng iba dahil absorbed na absorbed sa pinanonood.

"Si Francis?" bungad niya kay Blessie na nakaupong mag-isa sa sofa na malayo sa iba.

Nagtaka pa ito. "Akala namin kasama mo." May tukso sa matang tumingin ito kay Miguel. "Bumili lang ng junk food ang boyfriend mo, kinabahan ka

na."

Napahiyang bumaling siya sa binatang nasa likuran niya. Wala siyang mabasa sa mga mata nito.

"Maiwan ko na kayo," paalam ng kapatid ni Francis. "May imi-meet ako."

Lumabas na ito ng TV room at hindi napigilang sinundan niya na lamang ito ng tingin.

"S'an kayo galing?" pasekreto pang tanong ni Blessie sa kanya.

"'Andiyan lang ako sa garden."

"Holding a tryst with your boyfriend's brother?" Nagbibiro ang mga mata ni Blessie.

"Hindi ko s'abi boyfriend si Francis," mariing sagot niya. "He's like a brother to me."

"Uy… dahil mas pogi ang kanyang brother, ex mo na siya!"

Luminga si Apple at tiniyak na walang ibang makakarinig. "Sa iyo may gusto si Francis, hindi sa akin."

Natahimik ang kaibigan. Nakiramdam siya kung nagalit ito.

"I swear," taimtim na sabi ni Apple. "Friends lang kami ni Francis. Sa iyo siya may gusto."

Hindi ito umimik.

# 4

Nagsimula na si Apple na maghanap ng trabaho. Sinulatan niya ang mga kompanyang nasa directory ng telepono. Sinagot din niya ang mga nasa classified ads ng diyaryo. Halos araw-araw ay may pinupuntahan siyang job interview at nasanay na rin siyang kumuha ng I.Q. tests.

Ang mga sinulatan naman niyang nasa diyaryo ay panay palpak. Ayaw naman siyang payagan ng ina na mag-call center dahil sa gabi ang trabaho at hindi sa araw.

Tinawagan niya ang isa pang kaibigan. Nagtrabaho ito sa kompanya ng pamilya nito. Kasalukuyan iyong nalulugi kaya sinubukan din nitong humanap ng trabaho sa iba. Ang napasukan naman nito ay pagtitinda ng encyclopedia.

"Sino kaya ang bibili n'un ngayon?" tanong ng kaibigan. "Isandaan lang yata ang pirated na kopya ng CD ng encyclopedia!"

Nagtatrabaho naman si Blessie sa isang bangkong pag-aari ng gobyerno. "Habang hinihintay ko lang ang visa ko," paliwanag pa nito.

Nasa Amerika na ang mga kapatid nito; maging ang mga magulang nito ay mayroon nang green card.

Nalungkot si Apple sa balitang nakalap sa mga kaibigan. Lahat pala sila ay magpupunta sa ibang bansa. Akala niya noon, si Blessie lang ang seryosong magpupunta sa ibang bansa. Pero siya ay walang balak magtrabaho o tumira sa ibang bansa. Para sa kanya, ang tao ay tulad din ng halaman, may lugar na kinauukulan. Siya ay ukol sa lugar na walang katapusan ang tag-araw at kulimlim ang tag-ulan.

Mayamaya ay dumating si Francis. Panay ang paliwanag nito kung bakit hindi agad nakapunta sa kanilang bahay na para bang obligasyon nitong puntahan siya nang madalas. Isa pa iyon sa ipinagtataka niya, bakit hindi niya hinahanap-hanap si Francis kung ito ay wala?

Nag-enrol na pala ito sa College of Law. Dahil *summa cum laude*, napasok itong instructor sa kanilang kolehiyo.

"Sinabi nga pala ni Kuya Miguel na may opening ngayon sa kanila. Baka interesado ka," parang pinagtiyap na ungkat ni Francis sa lalaking biglang sumuot sa isip ni Apple.

"Ayoko nga. May prejudice siya sa akin."

Tumawa ito. "Ang tagal na n'un! Baka ni hindi na iyon naaalala ni Kuya."

"Sabagay. Ayon sa latest findings, ang mga lalaki ay forgetful sa mga emotional experiences."

"'Yun naman pala! Malaki ang starting salary." Binanggit nito ang halaga at nanlaki ang mga mata ni Apple. Mas malaki iyon kaysa sa suweldo ni Blessie sa pinapasukan nitong bangko.

"Hindi kaya niya ako asarin?" may pag-aalala niyang tanong.

"Hindi sabi gan'un si Kuya."

Kahit anong pilit ni Francis, hindi pa rin napapayag si Apple. "May job interview nga ako bukas," pagmamalaki pa niya sa kaibigan.

"Saan?"

"Saka ko na lang sasabihin sa iyo pagtanggap na ako," masayang sagot niya.

PANAY ANG IKOT ni Apple sa harap ng kanilang full-length mirror na nasa pagitan ng kanilang sala at komedor. Nakasuot siya ng business attire. Napatingin sa kanya ang kuya niyang nagbabasa ng diyaryo.

"Mababasag na'ng salamin. Aba'y matanda pa sa 'yo ang salamin na 'yan," bati agad nito sa kanya na ibinaba pa ang binabasang diyaryo. "Hoy, salaminkera! S'an ba'ng punta mo?"

"May job interview ako," sagot niya habang ipinupusod ang mahabang buhok.

"Di ba sinabi kong 'wag ka nang mag-apply? D'un na lang kina Brandon."

"'Yung kompanyang 'yun ang dahilan kung bakit bumabaha."

"Hindi lang naman sila ang gumagawa ng plastic," rason ni Kuya Nemy.

"Para ano pang tinawag na 'Plastic King' ang dad niya kung hindi sila ang pinakamalaking pagawaan n'un?"

"Ewan sa 'yo. Kung illegal negosyo nila, ba't pinayagan ng gobyerno?"

"Alam mo naman ang gobyerno natin: ang mali, nagiging tama."

"Sa kapapakinig mo sa radyo ni Lola, naiimpluwensyahan ka na."

Biglang sabad ang matanda nang marinig ang pangalan nito. "Talagang di dapat kinukunsinti ang

mali."

"Tingnan ko nga kung di ninyo kinukunsinti ang mali," ani Kuya Nemy sabay kindat kay Apple. "Payag ba kayong narito na naman ang mga Amerikano?"

"Aba'y oo," walang gatol na sagot ng matanda. "Para mawala na 'yang Abu Sayyaf na 'yan. Kung hindi dumaong n'un ang mga 'Merkano, hanggang ngayon, narito pa'ng mga sakang."

Nangingiting nagtinginan sina Nemy at Apple pero hindi nakikipagtalo sa abuela.

"Sa kompanyang may silbi sa bayan ako magtatrabaho," taimtim na sabi ni Apple na hinahagod ang kanyang suot na bestida.

"Mahihirapan kang humanap ng trabaho," ani Nemy na muling binuklat ang binabasang diyaryo. "Mabuti pang mag-Masters ka na lang. Hindi ka pakakainin ng prinsipyo."

Hindi nakatiis na muling sumabad si Lola. "Aba'y hindi sikmura ang nilalamnan ng prinsipyo, kaluluwa."

Tuluyan nang tiniklop ni Nemy ang binabasa. Natatawa hindi pa man si Apple. Gustung-gustong inaalaska ng kanyang kuya ang lola nila. "Si Lola, pa-cute," umpisa ng binata. "Sige nga, kaluluwa lang

'yung pakainin n'yo, tingnan ko lang kung hanggang kailan kayo tumagal."

"Ka-pilosopo ng demonyong ito," naggagalit-galitang anang kanyang lola.

Parang may biglang naalala si Nemy nang makitang dinampot na niya ang kanyang bag. "Bakit nga pala hindi ka d'un kina Miguel mag-apply? Balita ko, malaki na ang construction company niya."

"Ayoko nga," aniya. "Gusto kong makapagtrabaho ako nang walang nilalapitang tao."

"Ikaw ang bahala. Maraming DOM ngayon."

"Ano bang DOM?" tanong ni Lola.

Natatawang nagtinginan ang magkapatid.

"Shindig!" tumatawang sabi ni Apple.

"Ano'ng shindig?" napipikang tanong muli ng matanda.

"Matanda na kayo, 'La," ani Nemy. "Saka ko na lang sasabihin sa 'yo, pag bata na kayo."

"Lokong mga bata 'to, ah."

Nagtawanan sila.

"Baka makatagpo ka ng manyakis na boss,"

patuloy na paalala ng kapatid sa kanya.

"Sus, Panginoon!" Napaantanda si Lola. "Huwag namang ipahintulot at makapapatay ako ng tao."

"Lamok na lang ang kaya n'yong patayin, 'La," pang-aalaska pa rin ni Nemy.

"Damonyong ito!" Bumaling si Lola kay Apple. "Basta't mag-iingat ka, anak."

"Ako pa! Di sila p'wede sa 'kin." Humalik siya sa kanyang lola. "'Bye, 'La. 'Bye, alaskador."

SA ISANG BUILDING sa *Legaspi Village* ang opisina ang inaplayan ni Apple na kompanya.

Marami siyang kasabay na aplikante; karamihan ay fresh graduates din kagaya niya. Binigyan na sila ng I.Q. tests at hinihintay nilang interview-hin sila.

Mayamaya ay lumabas ang isang empleyada at tinawag ang isa sa mga aplikante. Makaraang lumabas iyon ay tinawag ang isa pa. Kakaba-kaba si Apple. Baka hindi niya naipasa ang IQ tests, naisip niya. Pero nadalian naman siya roon.

Mahirap yata ang interview, sunod na pumasok sa isip niya nang mapunang mabilis na lumabas ang bawat isang pinapapasok sa loob ng silid. Paglabas

ng huling tinawag, tinawag ang pangalan ni Apple.

Kiming pumasok siya sa pribadong kuwarto.

"Please sit down," anang dinatnan niyang lalaki.

Nakaupo ito sa swivel chair na patalikod sa kanya. May kausap ito sa telepono. Pagkuwan ay tumayo ito. Lumayo nang bahagya kung kaya namasdan niya ang buong likod nito.

May dumaang pagtataka sa mga mata ng dalaga. Ito kaya ang mag-iinterview sa kanya? Naka-T-shirt lang ito at nakamaong. Naka-rubber shoes pati. Sabagay, halatang mamahalin ang get-up nito. Ah, baka driver o janitor ng kompanya... pero bakit nasa kuwarto ng boss? Sira ang telepono? Ginagamit nga iyon ng lalaki at sa himig ng pakikipag-usap nito ay parang ito ang boss. Pormang-porma naman ang mga empleyadang nagbigay sa kanila ng IQ test pati na iyong tumatawag ng mga for interview. Ang boss pala mismo ay casual ang dating.

Laking-gulat ni Apple nang humarap sa kanya ang lalaki. "Ikaw!" bulalas niya.

"O, bakit ka nagulat?" tanong ni Miguel. "Hindi mo ba alam na kompanya ko ang *Solid Builders Incorporated*?"

Umiling siya.

Parang hindi makapaniwala si Miguel. "Hindi nasabi sa iyo ni Francis?"

"Nasabi niyang may construction company ka, engineering services naman ito."

Bahagyang tumawa si Miguel. "Kung nalaman mong akin pala ang kompanyang ito, mag-a-apply ka ba?"

Nataranta si Apple. Hindi niya alam ang isasagot. "Nabasa ko sa diyaryo ang advertisement n'yo. Sinubukan kong mag-apply at pinapunta naman n'yo ako."

"Sa totoo lang, hindi ko rin alam na nag-apply ka." Dinampot nito ang kanyang application letter at ang resulta ng IQ tests.

"Hmm, mataas ang IQ mo. Ano'ng balak mo? Tutuloy ka pa rin ba sa amin kahit nalaman mong pag-aari ko ang kompanya?"

Natigilan si Apple. Napatitig siya sa mga mata ng kaharap.

"Kaya lang, I expect some kind of respect from you. In other words, you cannot call me 'Cookie Monster' here."

"Yes, Sir."

Napangiti si Miguel. "Isa pa. Hindi ngayo't girlfriend ka ni Francis, you will get special treatment from me."

Namula siya. Pati pala ito ay nag-aakalang girlfriend siya ni Francis! Hindi na niya ito iniwasto. "I don't expect to get any special treatment from you," ang tangi niyang nasabi.

"Very good," sabi ni Miguel saka pinindot ang intercom. Pumasok ang empleyadang tumawag kanina sa kanya. "Luella, pakigawa ang appointment papers ni Miss Reyes. Siya ang aking magiging assistant."

Napamulagat si Apple.

"Sir, personnel assistant po ang inaplayan ni Miss Reyes."

"Bakit n'yo pina-interview sa akin? Humahanap din ako ng assistant."

"Hindi ho kasama iyon sa ads natin, Sir, kasi akala ko gusto n'yo, handpicked n'yo ang assistant n'yo. S'abi n'yo dapat kilala n'yo."

Nasapo ni Miguel ang ulo. "Ang mga sa personnel ay doon mo pa-interview kay Mr. Togonon. Bakit dito mo sa akin pinadadala?"

"Sorry, Sir," sagot ni Luella.

"Sige," ani Miguel. "I-refer mo na lang ang iba kay Mr. Togonon."

Hinintay lang niyang lumabas ang sekretarya. "Sir, mas gusto ko sa personnel. Paanong assistant ako, wala naman akong background sa engineering?"

"Hindi kailangan ang engineering background. Kailangan management skills sa aming mga project. Kaya inilalagay kita bilang assistant ko kasi mas malaki ang suweldo mo rito. Ang sa personnel assistant, magsisimula ka sa minimum wage."

"Bakit mataas ang suweldo ng assistant?" May pagdududang tinitigan niya ito.

Naningkit ang mga mata ni Miguel at naalala niya ang isang tagpo noong siya ay bata pa. "Lampas sa eight hours ang trabaho ng aking assistant. Kadalasan, may trabaho din siya nang Sabado't Linggo, maski pa holiday. Kung wala namang project, wala rin gaanong ginagawa. At humahawak siya ng malaking pera kaya kailangang kilalang-kilala ko ang aking assistant." Mataman siya nitong tinitigan. "Girlfriend ka ng kapatid ko kaya gusto kong sa akin ka magtrabaho. I consider you one of the family. Ayaw man ni Francis sumama sa negosyo ko, di ikaw na lang."

Hindi niya maiwasto ang maling akala ng kaharap. Sabagay, sa loob-loob niya, mabuti na ring isipin ng Cookie Monster na ito na girlfriend siya ni Francis para kung may binabalak itong masama sa kanya ay kalimutan na nito iyon. Tumayo ito at nagtama ang kanilang mga mata.

Pumasok si Luella sa silid. "Sir, si Atty. Danica Mendrez, nasa labas."

Saglit na tumingin ang boss sa kanya. "Papasukin mo," anito.

Akmang lalabas si Apple pero kinambatan siya ni Miguel na maghintay lang dahil may kaugnayan sa kanilang project na bini-bid ang sadya ni Danica.

Pumasok ang isang magandang babae na agad humalik sa pisngi ni Miguel. Matangkad ito at maganda ang korte ng katawan. Sa tingin niya, nasa early thirties ito. Mamahalin ang suot nitong designer clothes. Pati suot nitong sapatos at bag ay halatang yari sa mamahaling balat. Mataman siya nitong tinitigan.

"Danica, this is Apple. Siya ang ating bagong assistant. Apple, Atty. Mendrez, ang ating legal counsel."

Kumapit ang huli sa bisig ng binata. Sinukat

siya nito ng tingin. Ni hindi siya nito nginitian na para bang ang ipinakilala rito ay katulong sa bahay.

“May utang ka sa aking lunch,” anito sa malamyos na tinig na nakatitig sa mga mata ni Miguel.

Tumingin ang lalaki sa kanya. May naglarong ngiti sa labi ni Miguel matapos makita ang hindi maitagong iritasyon niya sa bagong dating. Ibinaling nito ang tingin kay Danica.

“Hindi ko nalilimutan. Kailangan ko ang legal advice mo sa pinasok naming sub-contract,” anito. Muli itong tumingin sa kanya. “Siya, maiwan na kita. After lunch, mag-i-inspection tour ako sa aming mga projects. Makipag-coordinate ka na lang kay Luella.”

Nilapitan nito si Luella at ipinagbilin si Apple. Wala siyang naririnig sa mga ibinibilin nito dahil hanggang ngayon, hindi siya makapaniwalang magkukrus ang kanilang landas ni Miguel. Lalong hindi niya inaasahang tila may babae nang bahagi sa buhay nito.

# 5

Lumabas si Apple ng opisina na parang tuliro. Napalagay ang loob niya dahil makuwento pala si Luella.

"Mag-aasawa na kasi ako," paliwanag pa ng babae.

"P'wede ka namang magtrabaho kahit may-asawa ka na."

"Oo, kung narito lang ako sa Pilipinas. Pero sa Amerika na kami maninirahan."

Amerikano umano ang mapapangasawa ng babae na nakilala nito sa isang pagtitipon sa kompanya ni Miguel. Business associate ng amo nila ang future mister nito.

"Mabait 'yang si Sir Migs," ani Luella.

Natawa si Apple. Ayaw ni Miguel ng Cookie Monster, ngayon para naman itong walking advertisement ng popular na beer sa taguring iyon. Sabagay, at least ngayon, panlalaki ang dating ng 'Sir Migs' kaysa naman sa 'Cookie'.

"Buti hindi iyong niri-recommend ni Attorney

ang kinuha ni Sir," anito.

"Bakit?"

"Mag-i-spy lang 'yun kay Sir."

Naalangan man, tinanong pa rin ni Apple ang gumugulo sa kanyang isip. "Magsyota ba sila?"

"Sana hindi," may irap na sagot ng dalaga. "Antipatika 'yang abogadang 'yan. Akala mo, pag-aari niya si Sir Migs. Tinataguan nga ni Sir minsan."

Nagulat siya sa sarili kung bakit siya natuwa sa sinabi ni Luella. Gayunman, sinaway niya ang sarili. Tuwang-tuwa pa nga kanina si Miguel noong dumating ang Atty. Mendrez na iyon.

"Hindi siguro. Corporate lawyer n'yo, pa'no nangyari 'yun?"

"Dahil lang sa daddy ni Sir Migs. Malaki kasi ang naitulong ni Atty. Mendrez noong itinatayo ng daddy ni Sir Migs ang kompanya."

Hindi na kumibo si Apple. Hindi niya malubos maisip ang kaiba niyang naramdaman kanina nang hinalikan ni Miguel si Atty. Danica Mendrez.

Pagdating niya ng bahay ay saka siya nataranta. Ang pakiramdam niya, pumasok siya sa isang bitag.

Ano kaya ang sasabihin ni Francis kapag nalaman nitong sa kompanya rin pala ng kuya nito siya bumagsak?

Magkikikita silang magkakaibigan ngayong gabi dahil kaarawan ng isa nilang barkada. Paano niya ikukuwento sa mga ito na kaya siya kinuha ni Miguel na assistant ay dahil sa pag-aakala nitong girlfriend siya ni Francis? Pihadong tutuksuhin siya ng mga ito.

Natigil siya sa pagmumuni-muni nang tawagin siya ni Saning, ang kanilang katulong. “Narito na si Francis.”

“Halika na,” yaya niya kay Francis. “Manang Saning, aalis na kami.”

Masaya sila habang naglalakad. Biruan sila nang biruan. Naka-maong din si Francis at T-shirt. Ang tingin niya rito ngayon ay totoy na totoy, dahil nakita niya kanina ang kapatid nito na mamang-mama na. Sa kanyang isipan, pinaghambing niya ang dalawa.

Halos magkasintaas ang magkapatid, magkahawig, magkasing-katawan—gayunman, mas matikas tingnan si Miguel. Ang naiisip na dahilan ni Apple ay dahil mas matanda ito. Taglay na nito ang

tiwala ng isang may maipagmamalaki nang nagawa sa kanyang buhay.

Tiningnan niya ang kaibigan.

"Ano? Bakit?" natatawang tanong ni Francis.

"'Ala lang. Ngayon ko lang kasi napuna na magkahawig pala kayong magkapatid."

"Pero mas pogi ako."

"Oo na," ayon niya.

Talaga naman. Mas maamo ang bukas ng mukha ni Francis; si Miguel ay parang istrikto dahil nga siguro 'makanto' ang mukha nito. Parang walang sense of humor. Samantalang si Francis, pati yata ihip ng hangin ay pinagtatawanan.

Dahil sa dami ng nagtatanong kung boyfriend niya ito, kung minsan ay gusto niyang liwanagin dito kung nililigawan ba siya nito pero nauunahan siya ng hiya. Kahit magkabiruan sila ni Francis, hindi niya madaan sa biro ang ganoong bagay.

At ayaw din naman niyang gantihan siya nito ng biro. Masyadong seryoso ang pagmamahal sa isang tao dahil iyon ay may kapalit na commitment. Nakapagtataka kung bakit gayon ang pag-ibig—may kakayahan itong itali ka sa isang tao.

Hindi niya masisisi si Miguel at ang iba pa, kung isipin ng mga ito na magnobyo nga sila ni Francis. Mukhang hindi itinutuwid ng lalaki ang pamilya at pinababayaang isipin ng mga ito ang gusto nilang isipin.

“Wala bang naikukuwento si Cookie sa inyo?”

Natawa si Francis. “Wala. Bihira naman iyong umuwi sa amin. May condo kasi siya sa Salcedo Village at doon siya nagpipirmi.”

“Sa kanya palang kompanya ’yung inaplayan ko,” kaswal niyang kuwento rito.

Halatang natuwa si Francis. “Talaga! Ba’t ngayon mo lang sinabi?”

“Dyahe sa ’yo. Pero I swear, hindi ko talaga alam na kanya iyong *Solid Builders*.”

“Iyon ang tinatawag na destiny,” patay-malisyang saad ni Francis.

Nakamulagat na nilingon niya ang kaibigan. Nanghuhuli ba ito o nagseselos?

“Ang ibig kong sabihin,” tumatawang paliwanag nito, “ayaw mong irekomenda kita sa kompanya ni Kuya Miguel, pero doon din pala ang bagsak mo.”

“Hindi nga siya maniwalang hindi ko alam na pag-aari niya ang kompanya,” nasabi na lang ni Apple.

“Talagang nakakagulat. Pero alam mo, suwerte mong kina Kuya Miguel ang first job mo. Alam mo bang lahat ng sekretarya niya, naging mabuti ang kapalaran?”

Nagdududang tumingin siya. “S’abi niya, assistant daw niya ako.”

“Ah, kasi siguro baka umayaw kang ‘sekretarya’ ang tawag sa iyo. Pero assistant nga kasi niya ang kanyang sekretarya. Ako nga ang gusto sana niyang ku’nin.”

“Paano mo nalamang sekretarya ako ng kuya mo?”

Hindi agad nakasagot si Francis.

“Kasi alam kong mag-aasawa ang kanyang sekretarya–ah, assistant. At alam ko ring naghahanap siya ng mapagkakatiwalaang assistant. ‘Yung si Luella, distant relative namin siya.”

*At ako ay itinuturing ni Miguel na hindi iba dahil akala niya, girlfriend mo ako,* sumuot sa isip ni Apple.

Ito pa ang isang napupuna ni Apple sa best

friend. Kapag tinutukso na sila ng barkada, hindi ito kumikibo. Parang biglang wala ito sa usapan. Dahil matalino, kaya nitong baguhin ang usapan nang hindi halata.

Pero naiintindihan niya si Francis. Masyado na silang matagal na magkaibigan, para na silang magkapatid. Tulad din kaya niya ito na hindi sigurado sa nararamdaman?

Nahuli niyang parang may malalim na iniisip si Francis nang pinag-usapan nila si Blessie na ayon sa mga kabarkada ay mayroon na yatang boyfriend. Isinama pa ng dalaga ang 'kaibigan' umano nito kaya tinukso ito nang katakut-takot. May isa pa rin siyang napuna: nagseselos si Francis.

"Ang ganda ngayon ni Blessie, ano?" nananantiya niyang sabi sa kaibigan.

"Noon pa naman maganda si Blessie," parang kinakausap ang sariling sagot ni Francis.

"Ba't di mo ligawan?"

Hindi siya nito sinagot. Bumilis ang pagpapatakbo nito ng kotse. Kahit pa sabihing magkapalagayang-loob sila ni Francis, may mga hindi maipagtapat ang lalaki sa kaibigang babae. May mananatiling personal. Nang tumingin siya rito ay kinindatan

siya nito. Natawa na lang si Apple. Wala siyang madamang selos kahit nahahalata niyang may crush si Francis kay Blessie. Kailangan niyang buhayin ang loob ng kaibigan.

"Hindi niya boyfriend 'yun," aniya.

"How did you know?"

"I just know."

MAAGANG PUMASOK si Apple kinabukasan. Hindi na niya naikuwento sa kanyang ina at lola na kompanyang pag-aari ni Miguel ang pagtatrabahuhan niya. Nakaalis na rin ang kanyang Kuya Nemy kung kaya walang dahilan para ibandera pa niya sa mga ito ang tungkol sa bago niyang boss.

Aakalaing hindi siya kilala ni Miguel kung pagbabasehan ang reaksyon nito nang pumasok siya sa pribadong kuwarto nito para ibigay ang pipirmahan nitong voucher.

Nakaporma ito ngayon; naka-suit na abuhin.

"Apple," bungad nito at napamulagat siguro siya dahil idinugtong nito, "informal kami dito sa opisina. Alam mo na... panay barako at engineers kaya wala kaming oras para mag-'Miss'-'Miss' o 'Mister'. Kaya

tawagin mo lang akong Miguel, Sir Miguel… huwag lang Cookie Monster."

*May sense of humor din naman yata ito*, sa loob-loob niya.

"But," ibinitin nito ang sasabihin at masusi siyang tiningnan nito, "for the ladies, may dress code kami." Bahagya itong tumawa. "Kami kasing mga lalaki, understandable na casual ang attire namin dahil we go out, we visit the job site. Pero kayo, narito lang kayo sa office at kayo ang nasa front line kapag may dumarating na kliyente."

Pumasok ang isang lalaking naka-maong, T-shirt at rubber shoes. Tumingin itong saglit sa kanya.

"Ronnie, si Apple, ang aking bagong assistant," pakilala ni Miguel. "Apple, si Ronnie, ang aking chief engineer at architect na rin."

Inabot ng bagong dating kay Miguel ang nakabulumbon na mga blueprint.

"Kompleto na ba ito?" usisa ng boss.

"Kompleto na. Sasamahan ba kita?"

"P'wedeng hindi na. Negotiation stage na tayo. Sige, iwan mo na sa akin," parang nagtataboy na utos ni Miguel. "Dadalhin ko lang ito for reference.

May kopya naman na sila, hindi ba?"

"Yes, Boss." Tumingin si Ronnie sa direksyon niya. "Sige, may tatapusin pa ako."

"May gusto akong ipagawa sa iyo," sabi ni Miguel habang pinipirmahan ang voucher na inilapag niya sa mesa nito. "Alam mo, nagkikipag-bidding tayo. Madalas, sobrang taas ang bid natin, kaya hindi tayo manalo. Management major ka at may background ka rin sa accounting kaya sa palagay ko, kaya mo ang trabahong ito." Tumingin ito nang tuwid sa kanya.

"Susubukan ko, Sir."

"Good. Magbi-bid tayo sa itatayong branch ng *BPI* sa Cavite. Maki-coordinate ka kay Ronnie sa costing ng bill of materials. Tulungan mo siya sa pag-canvass ng presyo. 'Eto pa, minsan kaya tayo napapamahal, kumukuha tayo ng credit line sa mga supplier. May standby credit line ako sa bangko, kaya hindi natin kailangang gawin iyon. Pero kung hindi naman china-charge sa atin ng supplier ang cost of money, di gamitin natin ang credit line nila. Nakuha mo'ng gusto kong sabihin?"

Para itong kumakausap sa bata. *Makulit*, naisip ni Apple. "Medyo," aniya.

Ngumiti ito. "Hindi p'wedeng medyo, dapat

sigurado."

Ipinabibigay nito sa kanya ang nakapatong na ilang papeles. Tumayo na ito. "Sige, bahala ka na diyan. May meeting ako sa mga taga-*Public Works*. Which reminds me, kapag sa gobyerno tayo magsa-submit ng bid, magbigay ka ng allowance sa alam mo na. Pero saka na lang natin pag-usapan 'yan. Late na 'ko sa appointment ko."

Lumabas na ito ng kanyang kuwarto at naiwan si Apple na natulalang tinitingnan ang mga papeles. Ang dami niya agad gagawin gayong nangangapa pa lang siya!

Sa biglang tingin lang naman pala mahirap, napatunayan niya. Naka-program na sa computer ang mga paraan ng pagkukuwenta.

SA KATAGALAN din ay nasanay na siya sa style ni Miguel. Parang sinisigaan ang puwet nito tuwing wala pang katiyakan ang kanilang pinasang proposal. Katakut-takot na pagbabago. Ngunit sa sandaling maayos na ang lahat ay masaya na ito at nakikipagbiruan sa mga empleyado nito. Madalas ding mag-instant party sa opisina. Magpapa-order ito ng meryenda gayong wala namang okasyon.

Parang itong Kuya Nemy niya. Dahil ulila na sila sa ama, parang tatay na laging may pasalubong sa kanila kung dumadating galing sa Laguna.

Habang dumaraan ang araw ay tumitindi ang paghangang nadarama ni Apple para kay Miguel. Walang patutunguhan ang gayong paghanga dahil mukhang pag-aari na ni Atty. Danica Mendrez ang puso nito. Madalas itong nasa opisina. Kung makatingin pati ito sa kanya ay laging nakataas ang kilay na nanunukat.

Mahina ngayon ang negosyo kung kaya ayon kay Miguel ay bumagsak nang malaki ang kanilang income pero hindi ito mahahalatang naaaburido. Sa halip, nag-iisip ito ng paraan kung paano sila kikita kahit na bagsak ang ekonomiya ng bansa.

Kasama si Apple kapag nag-i-staff meeting.

"'Yung mga dating tinatanggihan natin, tanggapin natin ngayon," ani Miguel pagkaraang i-present ng kanilang accountant ang financial statements.

"Sir," ani Ronnie, "okay lang ba sa inyo pati renovation ng bahay?"

"Tanggapin ninyo. Para may trabaho pa rin ang ating mga tao. Mahirap kapag nawala ang mga tao

natin. Kapag nag-pick-up na naman ang economy, saan natin hahagilapin ang mga iyan?"

Pati sa pagdadala ng meeting ay mahusay si Miguel. Mahusay ito sa negosyo at marami siyang natututunan dito. Mahusay pati itong magdala ng tao.

Nabanggit niya iyon kay Miguel nang naiwan silang dalawa minsan noon sa opisina. Tinapos nila ang isa-submit na proposal kinabukasan. May mga kailangang alamin mula kay Ronnie, pero nakauwi na ito dahil nanganak ang asawa nito at magbabantay ito sa ospital.

"Iba dito sa atin. Pilipinas ito, sanay ang mga tao na parang one big happy family tayo." Tumingin ito sa kanya na parang tumatagos sa kanyang kaluluwa. "Tulad mo, ihahatid kita sa inyo pagkatapos nating mai-finalize ang proposal dahil ayokong may mangyari sa iyo. Ano na lang ang iisipin ni Francis, di ba?"

Muli nitong binalikan ang ginagawa na parang walang sinabing nakagambala kay Apple. Bakit kailangan nitong ipagdiinan na anumang kabutihang ipinakikita nito sa kanya ay alang-alang sa inaakala nitong nobyo niya?

Nakamata si Apple sa binata. Hindi na niya napakinggan ang iba nitong sinasabi kay Ronnie. Walang ibang kahulugan ang kabaitan ni Miguel sa kanya. Pinagmamalasakitan nito lahat ng tauhan nito. Nakakahanga ito.

Pumungay yata ang kanyang mga mata dahil napukaw siya ng mahinang tawa ni Miguel.

“Iniisip mo ba si Francis?”

Pababayaan ba niyang naniniwala ito na may relasyon nga sila ng younger brother nito? Nabasa niya noon sa isang women’s magazine na gusto raw ng lalaki na may kaagaw ito sa isang babae. Mabilis siyang umisip ng nakakaintrigang sasabihin dito.

“Naalala ko lang, malapit na’ng birthday ni Francis. Ano kaya ang magandang regalo?”

“Kung ako ang boyfriend mo, iba ang hihilingin ko sa iyong regalo.”

Natigilan si Apple. Nambabastos ba ito? Parang galit nitong sinamsam ang ilang pahinang proposal. “I-type mo na sa computer mo ang ating proposal at nang makauwi na tayo,” parang walang anumang utos nito.

*Wala siguro sa loob nito ang sinabi*, naisip na

lang ni Apple habang mabilis niyang naipasok lahat ng corrections ni Miguel sa nauna nilang ginawang proposal.

Tatangu-tango ito habang binabasa iyon. “Okay, let’s go,” aya nito.

Wala itong kibo habang nagmamaneho. Naalangan naman si Apple na magkuwento rito. Tulad niya, pagod din ang binata sa ilang revisions sa kanilang ginawang proposal.

Nagulat pa siya nang sa wakas ay magtanong ito, “Kelan n’yo ba balak magpakasal ni Francis?”

Nataranta si Apple. “H-hindi pa namin pinag-uusapan iyon,” paiwas niyang sagot.

“Hindi? Nasa edad na kayo pareho. Ano pa ang hinihintay n’yo?”

“Bakit kayo ni Atty. Mendrez, hindi pa rin magpakasal?” ganti niya.

Matagal na hindi sumagot si Miguel. Nahuli niyang may namilaylay na ngiti sa labi nito. “Wala sa agenda ko ang pakasalan si Danica,” walang gatol na turan nito pagkaraan.

Natahimik siya. Wala itong planong pakasalan ang nobya? Kataka-taka yata iyon. Pinaglalaruan

lang nito si Danica? Sinasabi ng maliit na tinig ng kanyang kaluluwa na hindi ganoong klase ng lalaki si Miguel. Baka hindi nito mahal ang abogada? O baka naman hindi nito kasintahan ang babae, in the first place?

Napalingon siya sa katabi ngunit wala siyang mabasa sa mga mata nitong nakatutok sa daan ang pansin. Wala silang kibuan hanggang makarating na sila sa bahay nila. Hindi na niya ito inanyayahang bumaba. Nagpasalamat na lang siya basta rito.

Mukhang hindi pa nagkakausap ang magkapatid tungkol sa relasyon nila ni Francis. Hindi ba't sinabi ng kaibigan na bihirang umuwi ang Kuya Miguel nito? Tulad din kaya niya, pinaniniwala ang kapatid na magkasintahan sila?

*Maliwanag na walang gusto sa akin si Miguel*, naisip ni Apple nang nakahiga na siya para matulog. Kampante ito sa paniniwalang girlfriend siya ng kapatid nito.

Pero may nababasa siya sa mga tingin nito sa kanya. May nararamdaman siya kapag magkalapit sila lalo na kung silang dalawa lamang ang naroon sa pribadong kuwarto o sa kotse nito. Para siyang tinatangay na hindi niya mawari. Babae siya at may kutob siyang may pagtingin ito sa kanya. Kailangan

lamang isatinig nito ang nararamdaman.

Pero paano mangyayari iyon, gayong pinaniwala niya itong magnobyo sila ng kapatid nito? Gumawa siya ng sarili niyang multo.

Nang mga sumunod na araw, hindi napigilan ni Apple ang sarili na magpapansin sa kanyang guwapong boss.

Baka ang tipo nitong babae ay iyong feminine, naisip niya. Naririnig at nababasa niya sa mga interview sa mga lalaki na gusto nila ay iyong babaeng-babae. Gayon din ang tipo ni Danica. Lagi itong naka-tube dress o iyong parang kamisong bestida. Palaisipan nga sa kanya kung pinapayagan ang gayong kasuotan sa korte.

Isang araw ay nagsuot si Apple ng mataas na takong kahit nagkakanda-tapilok na siya. Isinuot din niya ang medyo modernong damit na nabili niya kamakailan. Alam niyang hindi iyon bagay na office wear, pero tag-init ngayon at kailangang sleeveless at manipis ang suot. Pinuri siya ng mga kasamahan, lalo na ng kalalakihan. Matagal na napatingin sa kanya si Miguel.

Nang dumating si Danica, parang nagulat ito pagkakita sa kanya.

"Don't you have a dress code in the office?" tanong nito kay Miguel.

Hindi kumibo ang tinanong. Siya naman ay nagpatuloy sa ginagawa.

Narinig niya pagtalikod niya na sinabi pa ni Danica, "I suggest your female staff to wear uniforms."

Nagpuyos si Apple. Na-insecure lang kaya sa kanya ang abogada dahil mas maganda ang legs niya kaysa rito o gusto nitong punahin ang kakaibang kasuotan dahil nagtataka na sa kanyang motibo?

Nagsalita si Miguel na parang pinipili nito ang sasabihin. "Apple, huwag mo sanang isiping masyado akong nakikialam sa buhay mo."

"Sir, hindi," maagap niyang pakli.

"Kumusta na kayo ni Francis?"

"Okay naman."

"Akala ko, may third party involved."

Nabigla siya. "Bakit mo naman naisip 'yun?"

"Wala lang. Kaunting psychology. Bigla kasing pa-seductress ka. Baka 'ka ko, hindi ka pinapansin ni Francis at nagpapansin ka sa kanya."

Hindi siya nakahuma. Gusto niyang malusaw sa kahihiyan. "'Feel ko lang mag-experiment."

Tinapunan niya ng tingin si Miguel. Mukhang hindi niya ito nakumbinsi at medyo nangingiti pa nga.

"Aquarian kasi ako," bahagya pa siyang tumawa para pagtakpan ang kahihiyan at pagkataranta. "May pagka-adventurous."

"May dress code tayong sinusunod."

"Masama bang maging fashionable?"

"Hindi, pero may tinatawag tayong office wear. Kaming nasa field, okay lang na casual. Although nasabi ko sa iyo na informal tayo dito sa opisina, hindi kasama doon ang pagiging indecent."

Nangilid ang kanyang luha sa galit. "Sinasabi mo bang indecent ako?"

"Hindi—no, no, hindi gan'un ang ibig kong sabihin."

Mabilis na pumunta si Apple sa pinto pero naunahan na siya ni Miguel. Hinawakan siya nito sa magkabilang balikat.

"I'm sorry," sambit nito. "Wrong choice of words

lang siguro."

"Talagang wrong choice of words," hiyaw niya. "Una, sinabi mong seductress ako… 'tapos, indecent." Tuluyan na siyang napaiyak.

Niyakap siya nito. "I'm sorry, I'm sorry."

Nararamdaman niya ang malakas na pintig ng puso nito. Naamoy niya ang ginamit nitong aftershave lotion at ang amoy ng panlalaking pabango. Ngayon lang siya nayakap ng isang lalaking hindi niya kaanu-ano.

Kusa siyang inilayo ni Miguel. May pagtatanong ang kanyang mata na tumitig dito. "I must always remind myself that you are my brother's girl." Mataman siyang tinitigan nito. "Am I forgiven?" tanong nito.

Tumango si Apple. "Could I call it a day? Medyo nawala ako sa mood."

"Hindi mo pa sinasagot ang tanong ko."

"You have every right to reprimand me."

"You're skirting the issue. Am I forgiven?"

"Oo naman."

"Very well then, hayaan mong ihatid kita."

Nabigla na naman siya. Ano ang sasabihin ng kanyang mga kasamahan sa opisina na kasa-kasama na siya ng boss?

"Sanay ang mga iyan na isinasabay ko ang kahit sino sa kanila. Papunta ako ng Quezon City. Puwede kitang idaan sa inyo."

Hindi na siya tumanggi. Sa pagpuna ni Miguel sa kanyang kasuotan, bigla siyang naasiwa sa kanyang gayak. "P'unta lang ako sa C.R.," paalam niya.

"Hintayin na lang kita sa parking lot," anito.

Nagpalit siya ng T-shirt at maong sa comfort room. Ano kaya ang iisipin ni Miguel kapag nalamang may baon siyang damit? Maghihinala kaya itong sinasadya niyang magsuot ng makatawag-pansin para rito?

Ninenerbyos siyang sumakay sa kotse ni Miguel. Halatang gusto nitong matawa nang makita siya, ngunit wala itong sinabi.

Mahirap mabasa ang nasa loob nito. Ilang linggo na siyang nagtatrabaho sa kompanya nito pero wala siyang naririnig na anumang tsismis tungkol dito. Naiintriga siya talaga sa kapatid ng kanyang supposed-to-be boyfriend. Naiintriga o nai-in love?